

Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN I



MODYUL 23 **ANG PAGKAMAMAMAYANG PILIPINO,** **MGA KARAPATAN AT TUNGKULIN**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City



MODYUL 23

ANG PAGKAMAMAMAYANG PILIPINO: MGA KARAPATAN AT TUNGKULIN











Ikaw ay nasa ika-22 modyul na. Sa puntong ito ay mayroon ka nang ganap na kaalaman tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas. Nakilala mo na ang bayang iyong sinilangan, ang kulturang iyong kinalakihan, at mga ninuno at bayaning Pilipino na iyong maipagmamalaki.

Sa mga nakaraang modyul, ikaw rin ay hinikayat na magsuri sa mga nakaraang kaganapan ng ating bansa. Kasama rito ang mga patakaran ng mga nakaraang pamahalaan. Alam mo ba kung bakit? Upang maiugnay mo ang mga kasalukuyang nangyayari sa ating bansa sa naganap sa ating kasaysayan.

Bago mo simulan ang modyul na ito, inaasahan na mayroon ka nang kaalaman hinggil sa Saligang-Batas at ang kahalagahan nito. Kailangan iyon upang lalo mong mapahalagahan kung bakit kailangang malaman mo ang mga tatalakaying tanong sa modyul na ito: Ikaw ba ay Pilipino? Bakit mo nasabing ikaw ay Pilipino? Anu-ano ang iyong mga karapatan at tungkulin bilang Pilipino?



May walong aralin sa modyul na ito:

-  Aralin 1 – Ako ay Mamamayang Pilipino
-  Aralin 2 – Ang Karapatang Pantao
-  Aralin 3 – Ang Aking Mga Karapatan Bilang Pilipino
-  Aralin 4 – Mga Bata at ang Kanilang mga Karapatan
-  Aralin 5 – Mga Kababaihan at ang Kanilang Karapatan
-  Aralin 6 – Mga Manggagawa at Kanilang mga Karapatan
-  Aralin 7 – Ang Aking Mga Tungkulin Bilang Pilipino
-  Aralin 8 – Ang Pakikilahok sa Lipunan Bilang Mamamayan



Pagkatapos mong gawin ang mga pagsasanay sa modyul na ito, inaasahang iyong:

1. Makikilala kung sino ang mamamayang Pilipino;
2. Maipaliliwanag ang karapatang pantao;
3. Matatalakay ang mga karapatan at tungkulin ng isang mamamayan;
4. Matutukoy ang mga karapatan ng bata, kababaihan at manggagawa;
5. Mapapahalagahan ang mga karapatan ng bata, kababaihan at mangagagawa; at
6. Maitataguyod ang mga karapatan sa pamamagitan ng iba't ibang pakikilahok sa mga prosesong panlipunan.



PANIMULANG PAGSUSULIT:

Ang pagsusulit na ito ay naglalayong na malaman ang iyong panimulang kaalaman tungkol sa pagkamamamayang Pilipino, iyong mga karapatan, at prosesong pulitikal ng bansa. Huwag kang mag-alala kung hindi mo masagot ang lahat ng tanong. Tutulungan ka ng modyul na ito na matutuhan ang mga paksang hindi pa malinaw sa iyo. Kayat magsimula ka na!

A. Sa iyong palagay, ang mga sumusunod ba ay **dayuhan** o **mamamayang Pilipino**? Ilagay ang pangalan sa tamang hanay.

Corazon C. Aquino

George W. Bush

Jose P. Rizal

Osama Bin Laden

Michael Jordan

Gabriela Silang

Hillary Clinton

Lea Salonga

Jaime Cardinal Sin

Pope John Paul II

Queen Elizabeth

Pangulong. Gloria

Macapagal-Arroyo

HANAY A – PILIPINO	HANAY B - DAYUHAN

B. Anu-ano ang mga karapatang nalalabag sa mga sumusunod na sitwasyon?
Isulat sa patlang ang iyong sagot.

1. Mga batang lansangan : _____
2. Pagtaas ng matrikula sa paaralan : _____
3. Hindi maaaring tanggapin sa trabaho ang babaeng buntis : _____

4. Pagpapasabog ng mga pulis ng tear gas sa mga nagkikilos protesta : _____

5. Pagkakaroon ng mga bilanggong pulitikal : _____

C. Isulat sa patlang ang titik T kung tama ang pangungusap at M kung ito ay mali.

- _____ 1. Ang mga kasapi ng Kongreso ay maaaring maalis sa pwesto sa pamamagitan ng *impeachment*.
- _____ 2. Ang karapatang pantao ay likas sa tao at hindi maaaring labagin ng kahit na sino.
- _____ 3. Ang mga bata ay mga taong ang edad ay limang taon pababa.
- _____ 4. Dapat limitahan ang karapatan ng mga manggagawa para sa pag-unlad ng bansa.
- _____ 5. Ang pagboto ay isang karapatan.

ARALIN 1

AKO AY MAMAMAYANG PILIPINO



Ano ang pagkamamamayan at batayan ng pagkamamamayan. Sa araling ito, tatalakayin natin ang pagkamamamayang Pilipino. Susuriin mo kung bakit may mga Pilipino at ang iba ay dayuhan. Mahalagang malaman mo ito upang magkaroon ka ng lakas ng loob na ipaglaban ang iyong karapatan bilang Pilipino. Bilang Pilipino, ikaw ang nagmamay-ari ng Pilipinas – isang karapatang hindi maaaring kunin sa iyo ninuman.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahan na iyong:

1. Makikilala kung sino ang mamamayang Pilipino;
2. Matutukoy ang batayan ng pagkamamamayang Pilipino; at
3. Masusuri ang sariling pagkamamamayan gayundin ang sa iba batay sa prinsipyo ng pagkamamamayan.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Bago nating simulan ang talakayan, subukan mong sagutin ang mga tanong sa loob ng kahon. Lagyan ng ekis ang tamang kolum.

TANONG	OO	HINDI
1. Ang nanay mo ba ay Pilipino sa araw ng iyong kapanganakan?		
2. Ang tatay mo ba ay Pilipino sa araw ng iyong kapanganakan?		
3. Ikaw ba ay ipinanganak sa ibang bansa ngunit ang nanay mo ay Pilipino sa araw ng iyong kapanganakan?		
4. Ikaw ba ay ipinanganak sa ibang bansa ngunit ang tatay mo ay Pilipino sa araw ng iyong kapanganakan?		
5. Ikaw ba ay binigyan ng Pamahalaan ng Pilipinas ng pagkamamamayang Pilipino kahit na ang iyong magulang ay hindi Pilipino, ngunit ninais mong maging Pilipino?		

Tignan natin kung tama ang iyong mga sagot. Basahin ang mga sumusunod na talata.

Mayroong dalawang mahalagang salita na dapat kang matutuhan. Ang *Citizen* at *Citizenship* o mamamayan at pagkamamamayan.

Ang pagkamamamayan ay ang pagiging kasapi sa isang estado. Ang estado ay ang pagsasama-sama ng mga grupo ng taong naniniwala na sila ay dapat na magkakasama bilang isang bansa at may karapatang angkinin bilang kanilang panahanan ang isang teritoryo. Nananaig ang kapangyarihan ng kanilang itinatag na pamahalaan at kinikilala at iginagalang ito ng ibang bansa sa daigdig. Samakatuwid, ang estado ay may apat na elemento: teritoryo, mamamayan, pamahalaan, at kapangyarihan na igalang ng ibang bansa.

May dalawang uri ng taong naninirahan sa isang bansa. Una ay ang mamamayan (*citizen*) at ikalawa ay ang dayuhan (*alien*). Ang mamamayan ay ang mga taong kasapi ng isang bansa at nagtatamasa ng lahat ng karapatang sibil at pulitikal ng bansang iyon. Ang mamamayan ng ibang bansa na dumadalaw, pumupunta o naninirahan sa ating bansa subalit walang balak na maging kasapi ng ating estado ay tinatawag na dayuhan. Kilala siya sa tawag na "*Foreigner*". Wala siyang karapatang bumoto o manungkulan sa ating pamahalaan, subalit karapatan niya na pangalagaan ang kanyang buhay at ari-arian habang nasa ating bansa.

Paano magiging isang mamamayang Pilipino? May dalawang paraan upang maging mamamayang Pilipino. Ang unang paraan ay hindi boluntaryo. Mula pagsilang pa lamang ay kaagad ka nang mabibigyan ng pagkamamamayang Pilipino kung isa sa iyong mga magulang ay Pilipino. Tinatawag itong *Jus Sanguinis* o pagkamamamayang batay sa dugo o magulang. Ang tawag sa mga Pilipinong ito ay "*natural-born Filipino*". Sila ang mga Pilipinong mula sa kanilang pagsilang ay Pilipino na agad. Ikaw kaya ay "*natural-born Filipino*"?

Ang ikalawang paraan ng pagiging Pilipino ay boluntaryo. Ito ay sa pamamagitan ng batas ng "*naturalisasyon*". Para ito sa mga Pilipinong hindi naman Pilipino nang isilang dahil hindi Pilipino ang pagkamamayan ng kahit isa

sa kanilang magulang sa araw ng kanilang kapanganakan. Pinili nila ang maging Pilipino sa pamamagitan ng batas na naturalisasyon. Sila ay mga taong dating dayuhan ngunit humingi ng pahintulot sa ating pamahalaan na maging kasapi ng Estado ng Pilipinas. Samakatuwid, kusa nilang pinili ang umanib sa isang bansa at maging mamamayan nito.

May dalawang paraang sinunod sa proseso ng naturalisasyon. Ang una ay sa pamamagitan ng pag-aaplay sa isang *Regional Trial Court*. Sa prosesong ito kailangang matugunan ng isang nagnanais maging Pilipino ang mga kwalipikasyong hinihingi ng korte. Pagkatapos ay magpapalabas ng utos ang hukuman upang siya ay kilalanin bilang mamamayan ng Pilipinas. Ang ikalawa ay sa pamamagitan ng proklamasyon ng Kongreso. Sa prosesong, ito ang kailangan lamang ay ang batas na nagsasabing ang isang partikular na dayuhan ay magiging mamamayan na ng bansang kanyang pinag-aaplayan

Kung ang isang dayuhan ay ma-ipuproklama na isang mamamayang Pilipino, ang tawag sa kanya ay "*naturalized Filipino*". Kung magkakagayon ay may karapatan na rin siyang matamasa ang lahat ng karapatan ng isang mamamayang Pilipino maliban na lamang sa paghawak ng matataas na tungkulin sa pamahalaan, tulad ng pagiging pangulo, pangalawang pangulo, punong mahistrado, mahistrado at komisyoner ng mga komisyong konstitusyonal.

Sa Pilipinas, hindi batayan ng pagkamamamayan ang lugar ng iyong kapanganakan. Ang tanging batayan lamang ay kung isa sa iyong mga magulang ay Pilipino sa araw ng iyong kapanganakan.

Kung ang iyong magulang ay Pilipino at ipinanganak ka sa bansang Amerika, Australia, Gran Birtanya, Canada at iba pa, ano ang iyong pagkamamamayan? Alam mo ba na ang iyong pagkamamamayan ay magiging dalawa? Sa mga bansang ito, ang batayan ng kanilang pagkamamamayan ay ang lugar ng kapanganakan ng isang tao at hindi ang pagkamamamayan ng magulang o *jus sanguinis*. Ang tawag sa batayang ito ay "*jus soli*" o batayan sa lugar. Kaya kung ipinanganak ka sa Amerika maituturing ka ring Amerikano. Tinatawag itong "*dual citizenship*" o dalawang pagkamamamayan.

May isa isang sitwasyon kung paano magkakaroon ng dalawang pagkamamamayan: kung ang iyong ama at ina ay magkaiba ng pagkamamamayan o *citizenship*. Halimbawa, kahit nakapag-asawa ang iyong ina ng taga-Switzerland, ang pagkamamamayan nang iyong ina ay Pilipino pa rin. Kaya sa bisa ng *jus sanguinis*, ikaw ay mamamayang Pilipino. Mamamayang Swiss ka rin sa bisa ng *jus sanguinis* dahil Swiss naman ang iyong ama.

Higit sa dalawa naman ang iyong pagkamamamayan kung ang iyong ina ay Pilipino, ang iyong ama mo ay Swiss, at sa Estados Unidos ka ipinanganak. Pilipino ka sa bisa ng *jus sanguinis*; Swiss ka rin sa bisa ng *jus sanguinis*; at Amerikano ka rin sa bisa naman ng *jus soli*.


Alam mo ba na maaari ring mawala ang pagkamamamayan? May dalawa ring paraan o proseso para mangyari ito. Ito ay sa paraang boluntaryo at hindi boluntaryo.

Boluntaryo ang pagkawala ng mamayan kung may:

1. nag-aplay ng naturalisasyon sa ibang bansa;
2. kusang loob na tumiwalag sa pagkamamamayan sa isang;
3. nanumpa ng katapatan sa konstitusyon at batas ng ibang bansa; at
4. sumanib sa hukbong sandatahan ng ibang bansa.

Ang hindi naman boluntaryong pagkawala ng pagkamamamayan ay nangyayari kung binawi ng husgado ng isang bansa ang pagkamamamayan ng isang tao sa bansang iyon. Nangyayari ito sa mga "*naturalized citizen*" ng isang bansa, o di kaya ay dahil sa pagsumpa ng katapatan sa sandatahang lakas ng ibang bansa. *Expatriation* ang tawag sa boluntaryong pag-aalis ng taglay na pagkamamamayan ng isang tao. Hindi ito pinapayagan sa panahon ng digmaan.

Maibabalik pa ba ang pagkamamamayan kung iyo ay naalis sa isang tao? Oo, kung muling manunumpa sa Republika ng Pilipinas, at muling magparehistro sa tanggapan ng *Civil Registry*. *repatriation* ang tawag dyan.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Palalimin mo ang iyong pagkaunawa sa aralin. Sagutin ang mga sumusunod na sitwasyon at ibigay ang hinihinging kasagutan sa tanong:

1. Kung ang ina at ama ni Edward ay parehong Pilipino, ano ang kanyang pagkamamamayan ? _____
2. Si Edsel ay ipinanganak sa Canada. Ang ina niya ay Pilipino. Ano ang kanyang pagkamamamayan ? _____
3. Si Elzie at Ramon ay mga Pilipinong naninirahan sa Brunei. Nagkaroon sila ng anak na si Shelly Mae. Ano ang pagkamamamayan ni Shelly Mae?

4. Ang ama ni Enrico ay si Rene na isang Mexikano ; at ang kanyang ina ay si Zenaida na isang Pilipina. Ipinanganak siya sa Estados Unidos. Ano ang kanyang pagkamamamayan? _____

Tandaan Mo!



- Pilipino ka hindi lamang dahil dito ka sa Pilipinas ipinanganak. Kahit saang bansa ka ipinanganak ay maaari kang maging Pilipino kung ang iyong ina o ama ay Pilipino.
- Maaaring maging higit sa isa ang iyong pagkamamamayan dahil may mga bansa na *jus sanguinis* (relasyon sa dugo) ang ginagamit na batayan tulad ng Pilipinas, at ang iba naman ay *jus soli* (lugar ng kapanganakan), tulad ng sa Estados Unidos
- Maaari kang mamili ng iyong pagkamamamayan sa pamamagitan ng naturalisasyon.
- Maaari ring mawala ang iyong pagkamamamayang Pilipino.



Gawain 3: Paglalapat

May mga sitwasyon sa tunay na buhay na angkop sa paksa ng araling ito. Suriin mo ang mga sumusunod na sitwasyon at pagkatapos ay sagutin mo ang mga tanong.

1. Si Janah ay nakapag-asawa ng Amerikano at ikinasal sa Amerika. Pinili niyang maging “*American citizen*”. Pagkatapos ng ilan taon ay nakipaghiwalay siya sa asawang Amerikano. Ninais niyang manumbalik sa pagiging Pilipino. Ano ang tawag sa muli niyang pag-anib sa pagkamamamayan ng Pilipinas? _____
2. Nais ni Edmon na maging mamamayan ng Greece. Dahil dito, kailangan niyang boluntaryong alisin ang kanyang pagkamamamayan bilang Pilipino. Ano ang tawag sa prosesong ito? _____
3. Nagkataon na panahon ng digmaan nang ninais ni Edmon na tumiwalag sa kanyang pagiging mamamayang Pilipino. Papayagan ba siya ng hukuman?
4. Nagtatrabaho bilang Navy si Maximillan sa U.S. Navy. Siya ba ay isa pa ring mamamayang Pilipino ? _____ Bakit? _____
5. Nahuli si Edwin ng mga sundalong Vietnamese sa gitna ng digmaan. Tinawag siyang Bilanggo ng Digmaan. Pinilit siyang pasumpain ng katapatan sa Konstitusyon ng Vietnam. Sumumpa si Edwin. Siya ba ay isa pa ring mamamayang Pilipino ? _____ Bakit? _____

ARALIN 2 ANG KARAPATANG PANTAO



Bakit ba mahalagang malaman mo na ikaw ay Pilipino? Ito ay dahil sa may mga karapatan ka bilang Pilipino na hindi pwedeng matamasa ng mga dayuhan. Bago natin pag-aralan ang iyong mga karapatan bilang Pilipino, aalamin muna natin sa araling ito kung ano ang karapatan.





Pagkatapos ng araling ito; inaasahan na iyong;

1. Maipaliliwanag ang kahulugan ng karapatang pantao, at
2. Matutukoy ang iba't ibang uri ng karapatang pantao sa isang lipunan.



Gawain1: Pag-isipan Mo!

Tignan mo ang tao sa larawan. May mga katangian at pangangailangan ng tao sa loob ng simbolong . Isulat sa tamang hanay sa tsart sa ibaba ang iyang mga sagot.



<p style="text-align: center;">Hanay A</p> <p style="text-align: center;">MGA KATANGIAN NG TAO NA DI TAGLAY NG IBANG MAY BUHAY</p>	<p style="text-align: center;">Hanay B</p> <p style="text-align: center;">MGA KAILANGAN NG TAO UPANG MALINANG ANG KANYANG MGA KATANGIAN</p>

Nasagot mo ba ang bawat hanay. Ngayon ay ikumpara mo ang iyong mga sagot sa pahina __. Gabay sa Pagwasto.

Ang mga kasagutan sa Hanay A ay nagpapakita na ang tao ay may iba't ibang dimensyon. Mayroon siyang mga katangiang pisikal, sikolohikal o intelektwal, emosyonal, ispiritwal, sosyal-kultural, ekonomik, at pulitikal. Ang mga kasagutan naman sa Hanay B ay nagpapakita na ang bawat katangian ng tao ay may kaakibat na pangangailangan na dapat matamasa upang ang katangiang ito ay lubos na magampanan ng tao. Ang kabuuan ng iyong kasagutan sa Hanay A at B ay nagpapakita ng kabuuan ng pagkatao ng bawat tao. Hindi maaaring alisin ang alin man sa mga kasagutang iyan dahil ang mga ito ay taglay ng tao at dapat na maranasan.

Kung ililista natin, ganito ang mga katangian at kailangan ng tao:


(A) Mga Dimensyon ng Tao:	(B) Mga Pangangailangan ng Iba't Ibang Dimensyon ng Tao:
Sosyal-Kultural	Kagalngang Panlipunan
Pisikal	Kalusugan
Intelektwal	Edukasyon
Ekonomik	Kabuhayan
Ispiritwal	Pananampalataya

Iyong pansamantalang isipin, paano kaya kung ang mga bagay na nasa Hanay B ay ipagkait sa isang tao. Ano kaya ang kanyang mararamdaman? Naranasan mo na ba ito? Halimbawa, kung walang pagkain? Walang edukasyon? Walang bahay? Walang katahimikan? Ano kaya ang mangyayari sa kanyang mga katangian?

Dito nakabatay ang karapatang pantao. May mga bagay na taglay natin bilang tao na hindi maaaring ipagkait o labagin o agawin ng sino man.

Kakaiba ang karapatang pantao dahil ito ay mga bagay na dapat igalang at ipatupad ng pamahalaan. Bagaman dapat itong igalang ng lahat ng tao, mas malaki ang responsibilidad ng pamahalaan. Nagsimula ang pagkilala na ang bawat tao ay may karapatan noong Disyembre 10, 1948, matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.


Sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, napatunayan na ang mga pamahalaan ng daigdig ay nagkaroon ng malawak na kapangyarihan at hindi naging mahalaga para sa mga pinuno ng pamahalaan ang buhay, ari-arian, kalayaan, at kaligtasan ng kanyang mga mamamayan. Makikita ang relasyong ito sa sumusunod na larawan:



Makikita na hindi naging pantay ang pamahalaan at taong bayan kung kaya naging madali sa pamahalaan na ipagwalang-bahala ang buhay ng mga mamamayan. Dahil sa mga maling naganap noong Ikawalang Digmaang Pandaigdig, minabuti ng Samahan ng Nagkakaisang Bansa o *United Nations* (UN) na umugit ng mga patakaran upang igalang ng mga pamahalaan ang karapatang pantao ng kanyang mga mamamayan. Nagawa ito ng UN sa pamamagitan ng dokumentong tinatawag na UNIVERSAL DECLARATION OF HUMAN RIGHTS o UDHR (1948). Dahil sa dokumentong ito, ipinaalam ng UN na ang pamahalaan ay maaari lamang gumamit ng kanyang kapangyarihan kung ito ay gumagalang sa karapatang pantao.

Malaking pangyayari ito sa kasaysayan ng daigdig. Nasanay kasi ang mga tao na maging sunud-sunuran lamang sa pamahalaan at ang pamahalaan naman ay walang habas kung gumamit ng kanyang kapangyarihan. Dahil sa UDHR, hindi na ito pwede. Maaari na nating singilin ang pamahalaan sa mga paglapastangan nito sa ating mga karapatang pantao.

Dahil sa UDHR, ito na ang dapat na makita sa larawan:





Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ang karapatan ay may tatlong uri:

1. Ang karapatang sibil ay mga karapatang hindi dapat pakialaman ng pamahalaan sa ating buhay, kalayaan, at ari-arian nang hindi ayon sa batas.
2. Ang karapatang pulitikal ay mga karapatan ng mamamayan na makialam sa pamamahala.
3. Ang karapatang ekonomik-sosyo-kultural ay mga karapatan ng mamamayan na maiangat ang antas ng kanyang materyal na buhay at malayang makipag-ugnayan sa kanyang lipunan at kapwa. Kasama dito ay ang malayang mamuhay ng ayon sa kanyang kultura.

Suriin kung ang anong uri ng karapatan ang nakasulat sa tsart. Lagyan ng ekis ang tamang hanay.

MGA KARAPATANG PANTAO	Sibil	Pulitikal	Ekonomik- Sosyo- Kultural
Karapatang mabuhay na may dignidad			
Karapatan sa edukasyon			
Karapatan sa pagkain			
Karapatan sa bahay			
Karapatang isabuhay ang sariling kultura			
Karapatang bumoto			
Karapatang maging malaya sa pagsasalita at pagpapahayag			
Karapatan sa pananampalataya			
Karapatan na magsagawa ng mapayapang protesta sa pamahalaan			
Karapatan sa seguridad			
Karapatan laban sa pang-aabuso			
Karapatan laban sa “torture” at di makataong			

parusa			
Karapatan sa kalusugan			
Karapatan sa trabaho			
Karapatan sa makatarungang sweldo			
Karapatan sa makataong kondisyon sa paggawa			
Karapatan sa pantay na pagpataw ng batas			
Karapatan sa pagkakapantay-pantay			
Karapatan sa pantay na katarungan			
Karapatang maging Malaya			
Karapatan sa mabuting pamahalaan			
Karapatan sa malinis na kapaligiran			
Karapatan sa impormasyon			
Karapatang magkaroon ng ari-arian			
Karapatan sa proteksyon laban sa pananamantala			
Karapatan sa pahinga at mga libangan			
Karapatan sa paglalakbay at pamimili ng lugar na titirhan			
Karapatan sa pagtatatag ng Unyon			
Karapatan sa buhay na angkop para sa isang tao			
Karapatan sa tamang pagpapatupad ng batas			
Karapatan laban sa di makatarungang paghalughog ng ari-arian			
Karapatan laban sa hindi legal na pagkakulong			



Tandaan Mo!

- Ang karapatang pantao ay:
 1. para sa lahat ng tao sa daigdig;
 2. walang kinikilingan o walang diskriminasyon;
 3. hindi dapat nilalabag; at
 4. magkakaugnay dahil ang tao ay buo at hindi maaaring hati-hatiin
- Sa iyong pagkakatuto sa iyong mga karapatan, may responsibilidad kang igalang ang karapatan ng iba.
- Ang estado ang may pinakamalaking responsibilidad upang igalang at ipagtanggol ang karapatang pantao.



Gawain 3 : Paglalapat

Mayroon ka bang mga sumusunod na karapatan? Lagyan ng ekis ang antas ng pagtamasa mo ng iyong mga karapatan. Ang 1 ay pinakamababa at 4 ang pinakamataas.

MGA KARAPATANG PANTAO	1	2	3	4
Karapatang mabuhay na may dignidad				
Karapatan sa edukasyon				
Karapatan sa pagkain				
Karapatan sa bahay				
Karapatang isabuhay ang sariling kultura				
Karapatang bumoto				
Karapatang maging malaya sa pagsasalita at pagpapahayag				
Karapatan sa pananampalataya				
Kararapatan na magsagawa ng mapayapang pagprotesta sa pamahalaan				
Karapatan sa seguridad				
Karapatan laban sa pang-aabuso				
Karapatan laban sa “torture” at di makataong parusa				
Karapatan sa kalusugan				

Karapatan sa trabaho				
Karapatan sa makatarungang sweldo				
Karapatan sa makataong kondisyon sa paggawa				
Karapatan sa pantay na pagpataw ng batas				
Karapatan sa pagkakapantay-pantay				
Karapatan sa pantay ng katarungan				
Karapatang maging Malaya				
Karapatan sa mabuting pamahalaan				
Karapatan sa malinis na kapaligiran				
Karapatan sa impormasyon				
Karapatang magkaroon ng ari-arian				
Karapatan sa proteksyon laban sa pananamantala				
Karapatan sa pahinga at mga libangan				
Karapatan sa paglakbay at mamimili ng lugar na titirahan				
Karapatan sa pagtatatag ng Unyon				
Karapatan sa buhay na angkop para sa isang tao				

Ang iyong kasagutan ay nagpapakita rin ng kagalingan ng ating pamahalaan sa kanyang pagtupad sa responsibilidad na igalang, ipatupad at ipalaganap ang karapatang pantao. Kung may mga paglabag sa iyong karapatan ay maaari kang dumulog sa Komisyon ng Karapatang Pantao upang masiyasat nito ang iyong hinaing. Ang Komisyong ito ay itinatag ng Saligang-Batas ng Pilipinas upang bantayan ang karapatang pantao ng bawat Pilipino.

ARALIN 3

ANG AKING MGA KARAPATAN BILANG PILIPINO



Tatalakayin sa araling ito ang iyong mga karapatan na nakasaad sa Saligang-Batas ng Pilipinas.



Inaasahan na sa pagtatapos ng aralin ay iyong:

1. Matatalakay ang mga karapatan at tungkulin ng isang mamamayan;
2. Matutukoy ang mga karapatan ng bata, kababaihan at manggagawa; at
3. Mapahahalagahan ang mga karapatan ng bata, kababaihan at manggagawa.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Subukan mong punan ang talahanayan. Ano ang maari mong kasagutan?

1. Karapatang Likas a. b.
2. Karapatang Konstitusyunal a. b.
3. Karapatang Pambatas a. b.

Nahahati sa 3 kategorya ang mga karapatan ng tao. Ang una ay karapatang likas. Ito ay mga karapatang taglay ng isang tao dahil sa siya ay tao at hindi itinakda ng batas. Tinatawag itong karapatang pantao. Ang karapatang mabuhay, maging maligaya at umibig ay halimbawa ng karapatang ito. Ang karapatang konstitusyunal naman ang mga karapatang isinasaad ng Saligang-Batas. Ang ikatlo ay ang karapatang itinakda ng batas.

Ang mga Karapatan ng Bawat Pilipino

Ang mga sumusunod ay ang mga karapatan ng tao sa Pilipinas sang-ayon sa Artikulo III ng Saligang-Batas ng 1987.

KARAPATAN	PALIWANAG
1. Karapatan sa buhay, kalayaan at ari-arian.	Hindi maaaring agawin sa isang tao ang kanyang buhay, kalayaan at ari-arian nang hindi ayon sa batas.
2. Kalayaan mula sa paghahalughog at pagsasamsam.	Ipinagbabawal ng batas ang di-makatwirang paghahalughog at pagsasamsam sapagkat labag ito sa karapatan ng tao na magkaroon ng kapanatagan sa sarili at pamumuhay. Kung ang isang tao ay pinaghihinalaang nagkasala sa batas, kinakailangang mayroong Warrant of Arrest mula sa hukuman. Gayon din kung nais ng awtoridad na pasukin at halughugin ang inyong tahanan dapat na mayroong Search Warrant nagmula sa hukuman.
3. Kalayaan sa komunikasyon at korespondensya.	Karapatan ng sinuman ang pagiging lihim ng komunikasyon at sulat maliban na lamang kung legal na humihingi ang pamahalaan para sa kaligtasan at kaayusan ng bayan. Alam mo ba na ang pagbubukas ng sulat ng iba ay may karampatang parusa ng pagkakulong na umaabot ng mula 3-6 na buwan?
4. Kalayaan sa pananalita o sa pamamahayag.	Karapatan mong ihayag ang iyong kaisipan at damdamin tungkol sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa iyo. Hindi ka dapat supilin sa paggamit ng karapatang ito.
5. Kalayaan sa relihiyon.	Kinikilala ang karapatan ng tao na mamili ng relihiyon at paniniwala at isabuhay ito. Dapat na

	igalang ang relihiyon ng iba at hindi dapat itong pagmulan ng alitan.
6. Kalayaan sa paninirahan at paglalakbay ng tao.	Maaari kang manirahan sa anumang lugar na sakop ng Pilipinas at malayang makapaglakbay maliban na lamang kung may panganib sa pampublikong seguridad.
7. Karapatan sa kabatiran.	Ang lahat ng Pilipino ay may karapatang na malaman ang mga pangyayari sa bansa. May karapatan tayong humingi ng mga pampublikong dokumento upang magkaroon tayo ng sapat na kaalaman sa mga pangyayari sa ating bansa. Ang karapatang ito ay hindi dapat supilin ng pamahalaan.
8. Kalayaan sa asosasyon.	Kalayaang magtatag ng pangkat o umanib sa isang pangkat, maliban kung ang pangkat ay may masamang layunin.
9. Karapatan sa pribadong ari-arian.	Hindi maaaring ariin ng pamahalaan ang pribadong ari-arian nang walang makatarungang kabayaran.
10. Pananagutan sa mga Kontrata.	Hindi dapat magpatibay ng batas na makasisira sa pananagutan sa mga kontrata.
11. Malayang pagdulog sa mga hukuman.	Hindi dapat pagbawalan ang sinuman na magsampa ng kaso sa hukuman. Ang mga walang pambayad ay maaaring bigyan ng tulong ng pamahalaan.
12. Karapatan ng taong sinisiyasat : a. Karapatang hindi magsalita at magkaroon ng abogado kung wala siyang tagapagtanggol. b. Hindi dapat gamitan ng	Hindi maaaring pilitin ang isang akusado na magbigay ng pahayag. Hindi tatanggapin ng korte bilang ebidensya

<p>labis na pagpapahirap, pwersa, pananakot, at pagbabanta ang taong sinisiyasat.</p> <p>c. Hindi dapat tanggaping ebidensya laban sa kanya ang anumang pagtatapat o pag-amin na nakuha ng labag sa kalooban.</p> <p>d. Itinatakda na dapat na bayaran ang taong sinisiyasat kung siya ay labis na napahirapan.</p> <p>e. Karapatan sa piyansa – maaring magpiyansa ang nasasakdal maliban kung ang kanyang kaso ay <i>reclusion perpetua</i> o <i>maximum penalty</i> ang kaparusahan ng kaso. (Sa Pilipinas, ito ay ang pagkabilanggo ng habambuhay at kamatayan para sa mga karumal-dumal na krimen)</p> <p>f. Karapatan sa tamang paglilitis ng hukuman.</p>	<p>ang mga pahayag na nakuha sa ganitong paraan. Mananagot ang awtoridad na gumamit ng maling pamamaraan.</p> <p>Upang maiwasan ang paglabag sa karapatang pantao, ang mga biktima nito ay makakahingi ng karampatang kabayaran sa paghihirap na dinanas.</p> <p>Ang piyansa ay prenda ng akusado upang pansamantala siyang makalaya. Hukuman ang nagtatalaga nito at sa hukuman din ito ibinabayad at hindi sa pulis. Ibinabalik ang piyansa matapos ang paglilitis maliban na lamang kung tumakas ang akusado.</p> <p>Ang nasasakdal ay ipinalalagay na walang kasalanan hanggat hindi napapatunayang nagkasala.</p>
<p>13. Karapatan sa <i>Writ of Habeas Corpuz</i>.</p>	<p>Ito ay isang kautusan ng isang hukuman na pumipigil na iharap ang taong detenado sa takdang panahon habang inihahanda ang kaso laban sa kanya.</p>

14. Karapatan sa mabilis na paglilitis at pagbibigay ng katarungan.	Hindi dapat tumatagal ang paglilitis ng mga kaso nang walang sapat na dahilan.
15. Kalayaan sa pagtestigo laban sa sarili.	Hindi dapat na tumetestigo ang isang tao laban sa kanyang sarili.
16. Kalayaan sa pagkakulong kung ang dahilan ay ang pulitikal na paniniwala.	Ipinagbabawal na makulong ang is+ang tao dahil lamang sa kanyang paniniwalang pulitikal na hindi sinasang-ayunan ng pamahalaan.
17. Kalayaan sa parusang hindi makatao.	Ang parusa ay dapat na nagtuturo sa tao ng mga pagpapahalaga at kasanayan na magbabalik sa kanya sa pakikipamuhay sa lipunan.
18. Kalayaan sa pagkakulong dahil sa utang,	Ipinagbabawal ng batas na makulong ang tao dahil sa utang.
19. Kalayaan sa paglilitis ng dalawang beses sa iisang kaso.	Hindi maaaring litisin o ikulong ang isang tao nang higit sa isa sa parehong krimeng ibinibintang sa kanya.
20. Kalayaang maparusahan sa isang bagay na nangyari na.	Ito ang tinatawag na <i>ex post facto law</i> . Hindi maaaring parusahan ng isang batas na nagdeklarang krimen ang iyong ginagawa sa panahon na hindi naman ito bawal.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Natatandaan mo pa ba ang aralin tungkol sa Batas Militar?

Magbigay ng limang karapatan na nilabag sa panahon ng Batas Militar.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Tandaan Mo!

● Ang mga karapatang na nakasaad sa Artikulo III ng ating Saligang-Batas ay mga karapatang sibil. Ito ang ating proteksyon upang hindi maging abusado ang pamahalaan sa paggamit ng kapangyarihan nito.



Gawain 3: Paglalapat

Sabihin kung alin sa mga karapatang pantao sa pahina 19-22 ang mga sumusunod na sitwasyon. Isulat ang bilang ng karapatan mula sa tsart at isulat ito sa patlang lamang.

1. Pagkuha ng pamahalaan sa pribadong ari-arian ng walang bayad: _____
2. Pagbabawal na magsagawa ng rally: _____
3. Pagbabawal na pumili ng relihiyong aaniban: _____
4. Muling paglilitis at pagkakakulong dahil sa iisang kaso: _____
5. Pagkakakulong dahil sa utang: _____
6. Pagbabawal na lumabas ng bansa nang walang legal na batayan:

7. Inabot ng 15 taon ang paglilitis ng kaso ng pagpatay: _____
8. Pagbubukas ng iyong sulat nang wala mong pahintulot: _____
9. Hindi pagpapabatid sa mamamayan sa mga programa ng pamahalaan:

10. Hindi pagpayag ng hukuman na makapagbayad ng pansamantalang kalayaan dahil sa kaso ng pananakit ng kapwa: _____

ARALIN 4

MGA BATA AT ANG KANILANG MGA KARAPATAN



Ang araling ito ay tatalakay sa mga karapatan ng mga bata. Ang mga karapatan ng bata ay napapaloob sa ***Declaration on the Rights of the Child*** na binuo ng UN. Ang mga karapatang ito ay para sa iyo, kaya't dapat mong itong malaman kung ano ang mga ito!



Matapos mong pag-aralan ang araling ito, inaasahan na iyong matatalakay ang iyong mga karapatan bilang bata.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Punan ang sumusunod na tsart:

Pagkakatulad ng Bata at Hindi Bata	Pagkakaiba ng Bata at Hindi Bata

Ang Mga Karapatan ng Mga Bata

Ayon sa *Convention on the Rights of the Child*, ang bata ay sino man na may gulang na 0-17 taon. Ikaw ba ay isang bata? Dahil sa may espesyal na katangian ang mga bata, kailangang mayroon din silang espesyal na proteksyon. Basahin ang mga sumusunod na karapatan ng mga bata:

1. Karapatang ipagtanggol sa lahat ng uri ng pagpapabaya, pagmamalupit at pagsasamantala.
2. Karapatang lumaki sa isang kapaligirang may pagmamamahala at katiyakan at nasa pag-aaruga ng sariling mga magulang.
3. Karapatang makapag-aral.
4. Karapatang makapaglaro at makapaglibang.


5. Karapatang mabigyan ng pagkain, damit at tirahan.
6. Karapatang lumaki nang may magandang ugali at asal.
7. Karapatang lumaking masaya at malusog.
8. Karapatang linangin ang kasanayan at kakayahan.
9. Karapatang maging malaya.

Isinasaad ng Art. XIII Sek. 13 ng Saligang-Batas ng 1987 ang pag-aatas sa Estado na magtatag ng isang tanggapan para sa rehabilitasyon, pagpapaunlad at pagbibigay tiwala sa sariling kakayahan ng mga bata upang makasama at makiisa sila sa pamumuhay sa lipunang ginagalawan.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Sabihin kung ano ang karapatan ng bata na ipinakikita sa bawat larawan.



1




2



3



4



5

1. _____

4. _____

2. _____

5. _____

3. _____

Tandaan Mo!



- Ang mga taong ang edad ay 0-17 ay tinatawag na bata. Sila ay may espesyal na katangian kung kaya kailangan ng espesyal na proteksyon.
- Ang mga karapatan ng mga bata ay nakasaad sa *Universal Declaration of Human Rights* at sa Artikulo III ng ating Saligang-Batas.
- Upang higit pang mapangalagaan ang mga batang tulad mo laban sa pagsasamantala ng ibang tao, mayroon pang *Convention on the Rights of the Child* na itinataguyod ng *United Nations* upang mapangalagaan ng lubos ang mga bata.



Gawain 3: Paglalapat

1. Bakit dapat lumaki ang bata sa isang kapaligirang may pagmamahal at katiyakan at nasa pag-aaruga ng sariling mga magulang?
2. Bakit mahalaga sa bata ang maging malaya?
3. Bakit binibigyang-pansin at pagpapahalaga ng pamahalaan ang mga kabataan?

ARALIN 5:

MGA KABABAIHAN AT ANG KANILANG MGA KARAPATAN



Ang araling ito ay tumatalakay sa karapatan ng mga kababaihan. Sa siglong ito, kinikilala na ang mga babae at lalaki ay may pantay na karapatan.



Pagkatapos ng araling ito ay, inaasahan na pagkatapos ng araling ito ay iyong:

1. Mapahahalagahan ang pagkakapantay-pantay ng karapatan ng babae at lalaki; at
2. Matatalakay ang karapatan ng mga kababaihan.

Gawain 1: Pag-isipan Mo!



Basahin ang dayalogo at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong.

Isang araw nakita ni Jackie ang mga kaibigang sina Lysette at Vangie.

Jacky: Matagal na tayong hindi nagkita. Saan kayo pupunta?

Lysette: Dadalawin namin si Solly.

Jacky: Aba! Buntis ka pala Lysette.

Vangie: Hay naku! Sinabi mo. Alam mo kung pang-ilan na iyan? Pampitona.

Jacky: Paano 'yan. Nagtatrabaho ka pa rin ba?

Lysette : Si Cyrus na lang. Medyo walang maiiwan sa mga bata, ayaw naman niyang mag-family planning kasi yun daw ang ibinigay ng Diyos sa amin.

Vangie: Ikaw, saan ka ngayon?

Jacky : Eto nagkatuluyan din kami ni Don, nagtatrabaho ako sa isang samahan para sa mga kababaihan.

Vangie : Talaga? Dapat pala mag-usap tayo, kasi medyo may problema si Solly.

Jacky : Mayamaya na kayo pumunta, may malapit ditong restawran. Doon tayo magusap. Sagot ko.

Sa Restawran :

Jacky : Sige, order na kayo.

Vangie: Salamat.

Jacky : Alam nyo, ang kababaihan ang bumubuo ng humigit kumulang sa 50 % bahagi ng populasyon sa Pilipinas. Hindi katulad ng dati....

Vangie : Sa ngayon ay kabilang na sila sa lakas paggawa ng bansa natin. Pero maraming pang-aabuso sa kabaihan ngayon, di ba.

Jacky : Alam nyo kaya lang naman naaabuso ang mga kababaihan ay dahil hindi nila alam ang kanilang mga karapatan.

Lysette : Siya nga, anu-ano ang mga iyon?

Jacky : Dahil sa kabilang na sila sa labas paggawa ay binibigyan rin sila ng pantay na karapatan sa lipunan. Ang mga ito ay:

1. Pagkilala sa pantay na karapatan, responsibilidad at kakayahan ng kalalakihan at kababaihan na lumahok sa proseso ng pambansang kaunlaran.
2. Pag-aalis ng diskriminasyong pangkasarian sa pagtatrabaho.
3. Proteksyon ng kababaihan laban sa sekswal na pang-aalipin at dahas gaya ng panggagahasa, pambubugbog, incest, pornograpiya, prostitusyon at iba pa.
4. Pagkilala sa pantay na karapatan ng kababaihan sa pagpapalano ng pamilya at karapatang sa gawaing pangkalusugan.
5. Pagkilala sa mga babaeng magsasaka at mangingisda at sa kanilang karapatang maging may-ari ng lupa, at sa pagiging instrumento ng produksyon, gayundin ang paglahok sa serbisyong pangkabuhayan.
6. Mayroon na rin tayong Batas Republika 1192 o *Women in Development and Nation Building Act* upang kilalanin at suportahan ang ipinakitang kakayahan sa negosyo ng mga kababaihan. Dito tutugunan ang pangangailangan ng kababaihan sa kapital sa negosyo at iba pang gawaing pangkabuhayan.
7. Pag-aalis ng Seksismo o dekahong representasyon (*stereotyping*) sa kababaihan at sa halip ay ang pagtataguyod sa pantay at dinamikong representasyon ng babae sa mga teksbuk, kurikulum, kultura, midya at sining.
8. Pagkilala sa karapatan ng kababaihan upang magkaroon ng pantay na representasyon at partisipasyon sa lahat ng sangay at antas ng pamahalaan.
9. Proteksyon laban sa karahasang bunga ng armadong labanan sa kalunsuran at kanayunan at pagkilala sa papel ng kababaihan sa usapin ng hustisya at kapayapaan.

(Biglang dumating ang isa pang kaibigan ni Jacky)

Ling : Ako nga, hindi pinagtatrabaho ng asawa ko. Ang tungkulin ko lang daw ay asikasuhin ang bahay namin, at mga anak namin.

Vangie : Ling! Nariyanka pala.

Ling : Nakita ko kayo, pero aalis na rin ako agad. Pag hindi agad ako nakauwi, baka saktan na naman ako ng asawa ko.

Jacky: Ano! Bakit ka pumapayag?

Ling: Wala na akong magawa, kawawa naman ang mga anak ko. Sige paalam!

Vangie: Kawawa naman sya. Si Solly naman ay nawalan ng trabaho, dahil hinarass ng boss niya.

Jacky : Ganoon ba? Ano'ng ginawa niya?

Vangie : Ayon, dahil hindi niya pinatulan ang boss niya, tinanggal siya sa trabaho.

Lysette : Nagsalita naman itong si Vangie, hindi nga ba't kaya hindi ka natanggap sa trabaho ay dahil babae ka at ang kalaban mo ay lalaki, Ang sabi nang employer, mas mabuti raw ang lalaki dahil hindi nanganganak.

Jacky: Mabuti pa pumasyal kayo sa opisina namin. Isama niyo na rin si Solly at Ling. Nagbibigay kasi kami doon ng mga libreng seminar kung paano maipaglalaban ng mga kababaihan ang kanilang karapatan.

Vangie: Mabuti pa nga, paano magpapaalam na kami.

Lysette: Salamat sa treat mo, bukod dyan marami kaming natutuhan.

Jacky : Sige, tawagan mo na lang ako kung may maitutulong ako.



Gawain 2: Pagpapalalim sa Kaalaman

Naunawaan mo ba ang maikling dula? Kung gayon ay masasagot mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Saan nagtatrabaho si Jacky ? _____
2. Ano ang karapatan ng kababaihan na nilabag sa sitwasyon nina:
 - a. Lysette
 - b. Ling
 - c. Solly
 - d. Vangie
3. Magbigay ng mga halimbawa ng paglabag sa karapatan ng kababaihan:
 - a. _____
 - b. _____
 - c. _____



Tandaan Mo!

- Ang karapatan ng mga kababaihan ay itinataguyod upang mabago ang tradisyon at paniniwala na ang mga lalaki ay mas malakas at mas makapangyarihan sa mga babae.
- Ang mga karapatan ng mga babae at lalaki ay pantay-pantay.
- Nararapat ipagkaloob sa mga kababaihan ang kanilang mga karapatan.



Gawain 3: Paglalapat

Ano ang iyong napapansin sa iyong paligid?

Magbigay ng halimbawa ng paglabag sa karapatang pantao ng mga kababaihan.

KARAPATAN	HALIMBAWA NG PAGLABAG
1. Pagkilala sa pantay na karapatan at responsibilidad ng kalalakihan at kababaihan	
2. Pagkilala sa mga babaeng magsasaka at mangingisda at sa kanilang karapatang maging may-ari ng lupa at katuwang sa produksyon.	
3. Batas Republika 7192	
4. Pag-aalis ng seksismo at dekahong representasyon (<i>stereotyping</i>) sa kababaihan, pagtataguyod sa pantay na representasyon ng babae sa teksbuk, kurikulum, midya at sining.	

5. Pantay na representasyon at partisipasyon ng mga kababaihan sa lahat ng sangay at antas ng pamahalaan.	
6. Proteksyon laban sa karahasan bunga ng armadong labanan sa kalunsuran at kanayunan at pagkilala sa papel ng kababaihan sa usapin ng hustisya at kapayapaan.	

ARALIN 6

MGA MANGGAGAWA AT KANILANG MGA KARAPATAN

Mahalaga ang mga manggagawa sa ating lipunan. Sila ang kaagapay ng ating ekonomiya upang umunlad ito subalit sila ay kadalasang nakararanas ng hirap at hindi makatarungang pagtingin . Ang tanging proteksyon nila ay ang kanilang mga karapatan.



Ang araling ito ay tatalakay sa karapatan ng mga manggagawa. Naranasan mo na bang magtrabaho? Alam mo ba ang karapatan ng isang manggagawa? Halika at iyong tuklasin ang mga ito.



Inaasahan na pagkatapos ng aralin, iyong mapapahalagahan at itataguyod ang mga karapatan ng mga manggagawa.




Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Maglista ng sampung uri ng mga manggagawa na iyong nakakahalubilo sa araw-araw. Halimbawa: kargador, karpintero, guro at iba pa.

- | | |
|----------|-----------|
| 1. _____ | 6. _____ |
| 2. _____ | 7. _____ |
| 3. _____ | 8. _____ |
| 4. _____ | 9. _____ |
| 5. _____ | 10. _____ |

Ngayon ay suriin ang dayagram na inihanda para sa madali mong pagkaunawa ng karapatan ng mga manggagawang inilista mo sa itaas.



Tandaan Mo!

Hindi nagkukulang sa batas ang ating pamahalaan. Marami tayong mga batas na nangangalaga ng ating mga karapatan bilang manggagawa. Subalit ang mga karapatang ito ay hindi maipatutupad kung hindi ipaglalaban ng ating mga manggagawa ang kanilang karapatan. Sabi ng ating bayaning si Dr. Jose P. Rizal, “Walang mang-aalipin kung walang paaalipin.”


Gawain 3: Paglalapat





Panuto: Gumuhit o gumupit ng mga larawan ng mga sitwasyong magpapakita sa mga paglabag sa karapatan ng mga manggagawa. Sa tapat nito ay sabihin kung ano ang maimumungkahi mong solusyon.


Idikit dito ang iginuhit o ginupit na larawan.

Mungkahing Solusyon









ARALIN 7

ANG AKING MGA TUNGKULIN BILANG PILIPINO



Matapos mong pag-aralan ang iyong mga karapatan, unawain mo naman ngayon sa araling ito ay ang iyong mga tungkulin sa ating bansa. Mahalaga na malaman mo ang iyong tungkulin dahil ang tatagumpay ng ating bansa ay nakasalalay sa mga mamamayang gumaganap ng matuwid sa kanilang mga tungkulin bilang mamamayan.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahan na iyong:

1. matatalakay ang mga tungkulin ng isang mamamayang Pilipino; at
2. matatalakay ang mga tungkulin ng pamahalaan ng Pilipinas.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Buuin mo ang sumusunod na dalawang pangungusap. Magbigay ng limang tungkulin ng bawat isa.

1. Bilang Pilipino ang aking tungkulin ay

2. Ang tungkulin ng pamahalaan ng Pilipinas ay

Mga Tungkulin ng Mamamayan at Pamahalaan

Tingnan natin kung ang iyong mga kasagutan ay makikita sa talaang ito ng mga tungkulin ng mamamayan. Nararapat mong pag-aralan ang mga ito at tandaan upang maging mabuti kang mamamayan.

A. Mga Tungkulin ng Mamamayan:

1. Pagiging tapat sa Republika
2. Pagtatanggol sa bansa
3. Pagsunod sa batas at paggalang sa Saligang Batas
4. Pagtataguyod sa Kagalingang Panlahat
5. Tungkuling mapabuti ang kalagayang pangkabuhayan at panlipunan
6. Tungkuling bomoto

B. Mga Tungkulin ng Pamahalaan:

Kung ang mamamayan ay may tungkulin, mayroon ding mga tungkulin ang pamahalaan. Ang mga tungkulin ng mga kawani nang Pamahalaan ay nakasaad sa Art. XI ng Saligang Batas ng 1987.

1. *“Public office is a public trust”* – ang lahat ng kawani ng pamahalaan ay dapat na maglingkod sa tao nang matapat, may integridad, responsibilidad, may kasipagan, may pagmamahal sa bansa, at may simple lamang na pamumuhay.
2. Ang pangulo, pangalawang pangulo, mga miyembro ng kataas-taasang hukuman, at miyembro ng komisyong konstitusyunal ay maaring maalís sa katungkulan sa pamamagitan ng *impeachment*, sa mga kaso ng :
 - a. paglabag sa Saligang-Batas;
 - b. panunuhol;
 - c. *graft and corruption*; at
 - d. pagkakanulo sa tiwala na mga mamamayan.

3. Ang Sandigang Bayan ang naglilitis sa mga kasong may kinalaman sa mga kawani ng pamahalaan. Ang paraan ng paglilitis sa gawi ng pinakamatataas na opisyal ng pamahalaan ay tinatawag na “*impeachment*”.
4. Ang tanggapan naman ng Ombudsman ay nagsusuri sa mga kaso ng mga kawani ng pamahalaan bago ihabla sa Sandigang Bayan.
5. Ang lahat ng kawani ng pamahalaan ay may tungkuling ideklara ang lahat ng kanilang ari-arian at pagkakautang.
6. Ang lahat ng kawani ng pamahalaan ay dapat na maging tapat sa Saligang Batas sa lahat ng pagkakataon.

Tungkulin rin ng pamahalaan na ibigay ang mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan tulad ng disenteng tirahan, serbisyong pangkalusugan at panlipunan tulad ng paggagawa ng daan, tulay imigrasyon, edukasyon, sapat na pagkain at kaligtasan, kapayapaan, at kaayusan.



Gawain 2: Pagpapalalim sa Kaalaman

Punan mo ang talahanayan. Magbigay ng mga halimbawa ng mga gawaing magpapakita kung paano ka tumutupad sa mga tungkulin ng isang mamamayan.

Mga tungkulin ng mamamayan	Gawaing nagpapakita ng pagtupad sa tungkulin
1. Pagiging tapat sa Republika	
2. Pagtatangol sa bansa	
3. Pagsunod sa batas at paggalang sa Saligang Batas	
4. Pagtataguyod ng kagalingang panlahat	
5. Tungkuling mapabuti ang kalagayang pangkabuhayan	
6. Kalagayang panlipunan	
7. Tungkuling bomoto	



Tandaan Mo!

- Ang bawat sektor ng ating lipunan ay may mga tungkulin sa ating bansa. Ikaw, bilang mamamayan ay may tungkulin sa ating Estado, gayon din ang ating pamahalaan. Ang lahat ng ito ay nakasaad sa Saligang Batas ng 1987.
- Ang ating pagganap sa ating tungkulin nang wasto at buong kagalingan ay siyang susi sa pag-unlad ng ating bansa. Halina at makiisa ka!!!!



Gawain 3: Paglalapat

Isulat sa Hanay B ang iyong sagot sa tsart sa Gawain 2. Lagyan ng ekis kung gaano mo ito ginagawa sa iyong pamumuhay.

Mga tungkulin ng mamamayan	Gawaing nagpapakita ng pagtupad sa tungkulin	Hindi	Minsan	Madalas	Palagi
1. Pagiging tapat sa Republika					
2. Pagtatangol sa bansa					
3. Pagsunod sa batas at paggalang sa Saligang Batas					
4. Pagtataguyod ng kagalingang panlahat					
5. Tungkuling mapabuti ang kalagayang pangkabuhayan					
6. Kalagayang panlipunan					
7. Tungkuling bomoto					

ARALIN 8 ANG PAKIKILAHOK SA LIPUNAN BILANG MAMAMAYAN



Ang araling ito ay tatalakay sa mga paraan kung paano ka makakalahok sa pamamahala ng ating bansa. Mahalaga na malaman mo ito dahil ang isang demokrasya ay nagtatagumpay kung ang mga mamamayan ay nakikilahok.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang iba't ibang paraan ng pakikilahok sa ating demokrasya; at
2. Mapahahalagahan ang iyong pakikilahok sa mga gawaing pangdemokrasya.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Basahin mo ang sumusunod na artikulo bago tayo magsimula sa araling ito.

Pakikilahok Pampulitika


Ang iba't ibang uri ng pakikilahok at karapatang pampulitika ay nakasaad sa Artikulo III ng Saligang Batas ng 1987. Sa araling ito ay tatalakayin lamang natin ang pakikilahok sa prosesong pulitikal na matatagpuan sa Artikulo V. Mayroon lamang itong dalawang seksyon.

1. Sang-ayon sa Seksyon I, ang pagboto ay dapat na gawin ng lahat nang mamamayan ng Pilipinas na :
 - a. hindi diniskwalipika ng batas
 - b. may 18 taong gulang pataas
 - c. naninirahan sa Pilipinas nang may isang taon na higit pa.

Hindi nasasaad na ang kamangmangan, o kahirapan ay hadlang sa karapatang bumoto

2. Sang-ayon naman sa Seksyon 2, ang tagapagbatas ay inaatasang magbigay o bumuo ng sistema upang masiguro ang seguridad at pagpapanatili ng lihim o halaga ng balota. Iniatas din ang pagbuo ng sistema ng pagboto para sa mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang-bansa (Overseas Filipino Workers) at mga Pilipinong may pisikal na kakulangan at hindi marunong bumasa, upang sila ay makaboto nang mag-isa.

Iba't ibang Uri ng Pagboto:



Mga Hadlang sa Pakikilahok Pampulitika:

Hindi lahat ay maaaring makilahok sa ating prosesong pampulitika. Kung wala kang sapat na gulang, hindi ka rehistrado, ikaw ay diskwalipikado ng batas, hindi ka maaaring makilahok.

O huwag kang malungkot. Maaari mong gamitin ang iyong mga sumusunod na karapatan upang makalahok ka sa pamamahala ng ating bansa. Ang mga ito ay:

1. Karapatang magpahayag
2. Karapatang magsalita
3. Karapatan sa mapayapang kilos protesta
4. Karapatang magtatag ng mga samahan

Ilan lamang ang mga iyan sa maaari mong gamitin. Maaari ka ring makilahok sa mga proyekto ng *Non-Government Organizations* (NGOs). Ito ay mga pribadong samahang patuloy na nakikipag-ugnayan sa pamahalaan upang makapaghatid ng serbisyo sa mga tao.

Maaari ka ring sumulat sa dyaryo o sa mga halal ng pinuno ng iyong distrito, bayan, probinsya o lungsod upang ipahatid ang iyong mga mungkahi.

Maaari ka ring gumawa ng sariling proyekto na tutugon sa mga problema ng ating bansa.

Nakita mo na? Walang limitasyon ang maaari mong gawing pakikilahok pamamaraan kung ikaw ay malikhain.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Sinu-sino ang maaaring bumoto?

2. Ano ang iyong maaring gawin kapag ang nahalal na pinuno sa inyong lungsod o bayan ay di karapat-dapat?

3. Ano ang iyong gagawin kung nais mong magpanukala ng batas na hindi na dadaan pa sa Kongreso?



Tandaan Mo!

- Maaari mong gamitin ang iyong karapatan sa pakikilahok sa pulitika. Iba't iba ang uri ng pakikilahok pampulitika. Ang karapatang ito ay hindi magagamit ng mga taong may edad 17 taon pababa.
- Kung hindi ka maaaring bumoto at nais mong makilahok sa pamamahala ay maaari kang lumahok sa iba pang legal na paraan. Tandaan mo na ito ay iyong karapatan at tungkulin.



Gawain 3: Paglalapat

Kung hindi ka pa maaaring lumahok sa pagboto dahil kulang ka pa sa gulang, anu-ano pang paraan ng pakikilahok ang iyong maaaring gawin? Magbigay ng lima.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO:

- ⊕ Ang mga taong naninirahan sa Pilipinas ay maaaring mamamayan na *natural-born* o *naturalized*. Ang *natural-born* na Pilipino ay hindi boluntaryo ang pagkakamit ng pagkamamamayan. Samantala, ang *naturalized citizens* naman ay ang mga mamamayan na boluntaryong pinili ang maging Pilipino.
- ⊕ May dalawang proseso ng pagkakamit nang naturalisasyon. Una ay ang pag-aaply sa isang Regional Trial Court, at ang ikalawa ay ang proklamasyon ng Kongreso.
- ⊕ Ang mga dayuhan o *alien* ay mga taong dumaan lamang o pumasyal sa bansa at walang intensyong dito manirahan.
- ⊕ Maaring mawala ang pagkamamayan sa paraang (1) boluntaryo, o kusang loob na pag-aalis ng pagkamamayan; o (2) hindi boluntaryo, sa paraang paglilingkod sa sandatahang lakas ng ibang bansa o panunumpa ng katapatan sa konstitusyon ng isang bansa.
- ⊕ Ang mga karapatan at tungkulin ng mga mamamayan ay matatagpuan sa Art.III ng Saligang Batas ng 1987.
- ⊕ Sa ating batas may espesyal ring karapatan ang mga bata, kababaihan, at mangagawa.
- ⊕ Ang tungkulin ng mgakawani ng pamahalaan ay matatagpuan sa Artikulo XI Saligang Batas ng 1987.
- ⊕ Isinasaad din sa Artikulo V Saligang Batas ng 1987 ang karapatan at tungkuling makilahok sa pagboto ng mga mamamayang Pilipino, lalaki at babae, nasa edad na 18 pataas, at naninirahan na sa Pilipinas sa loob ng 1 taon at may anim na buwan sa lugar kung saan sila boboto. Hindi rin hadlang ang kamangmangan, kahirapan, kapansanan, at patatrabaho sa ibang bansa upang makaboto.



PANGHULING PAGSUSULIT

I. Maglaro tayo ng Bingo

B	I	N	G	O
1	2	3	4	5
6	7	8	9	10
11	12	13	14	15
16	17	18	19	20
21	22	23	24	25

Isulat ang sagot sa kaukulang bilang sa kahon. Kopyahin at lakihan ang bingo sa sagutang papel at isulat doon ang mga sagot.

1. Sagutin ang apat na kahon- bilang 1, 5, 20, at 24.
2. Sagutin ang dayagonal na bilang – 7 at 18
3. Sagutin ang dayagonal bilang 9 at 16
4. Sagutin ang hanay sa letrang N – 3, 8, 17 at 22
5. Sagutin ang lahat ng ito – bilang 6, 11, 15, 4, 13, 23, 10, 14, 19

Mga tanong:

1. Magbigay ng apat na karapatan ng bata (bilang 1,5,20,24)
2. Ano ang dalawang uri ng taong naninirahan sa Pilipinas bilang (7 at 18)?
3. Ano ang dalawang paraan upang maging isang mamamayang Pilipino (bilang 9 at 16)?
4. Ano ang dalawang paraan upang maalis ang pagkakamamayan (bilang 3 at 8)?
5. Ano ang ibig sabihin ng *Ex Post Facto* at *Impeachment* (bilang 17, 22)?
6. Kung si Mariel ay may ama na Hapon at ina na Pilipina at siya ay ipinanganak sa Amerika. Anu-ano ang kanyang pagkamamamayan (bilang 6,11,15)?
7. Magbigay nang 3 halimbawa ng mga karapatan ng mga manggagawa (bilang 4,13,23).
8. Anu-ano ang mga kwalipikasyon ng mamamayang maaring bumoto (bilang 10, 14, 19)?

II. Lagyan ng ekis ang kahon ng iyong sagot. Isulat ang iyong saloobin.

	Oo	Hindi	Di- tiyak	Saloobin
1. Mahalaga ba ang karapatan ng tao sa isang demokrasya? Bakit?				
2. Dapat bang ipilit ang relihiyon sa isang tao? Bakit?				
3. Mahalaga ba ang karapatan ng mga bata na sila'y mag-aral?				
4. Mahalaga ba ang karapatan ng mamamayang bumoto? Bakit?				
5. Mahalaga ba ang karapatan ng kababaihan sa demokrasya? Bakit?				
6. Mahalaga ba ang karapatan ng mga manggagawa sa demokrasya? Bakit?				



GABAY SA PAGWAWASTO:

PANIMULANG PAGSUSULIT

Ang mga sumusunod na mga tao ba ay dayuhan o mamamayang Pilipino?

HANAY A - PILIPINO	HANAY B – DAYUHAN
Corazon Aquino	Osama Bin Laden
Lea Salonga	Hillary Clinton
Pangulong Gloria Macapag Arroyo	Pope John Paul II
Gabriela Silang	George W. Bush
Jaime Cardinal Sin	Michael Jordan
Jose P. Rizal	Queen Elizabeth

B. Anu-ano ang mga karapatang ang nalalabag sa mga sumusunod na sitwasyon?

1. Mga batang lansangan: karapatan sa maayos na buhay at mga pangunahing pangangailangan.
2. Pagtaas ng matrikula sa paaralan: karapatan sa edukasyon.
3. Hindi maaaring tanggapin sa trabaho ang babaeng buntis: karapatan laban sa diskriminasyon.
4. Pagpapasabog ng mga pulis ng tear gas sa mga nagkikilos protesta: karapatan sa mapayapang kilos-protests.
5. Pagkakaroon ng bilanggong pulitikal: karapatan sa pulitikal na paniniwala.

C. Isulat sa patlang ang titik T kung tama ang pangungusap at M kung ito ay mali.

- M 6. Ang mga kasapi ng Kongreso ay maaaring maalis sa pwesto sa pamamagitan ng impeachment.
- I 7. Ang karapatang pantao ay likas sa tao at hindi maaaring labagin ng kahit na sino.
- M 8. Ang bata ay mga taong ang edad ay limang taon pababa.
- M 9. Dapat limitahan ang karapatan ng mga manggagawa para sa pag-unlad ng bansa.
- I 10. Ang pagboto ay isang karapatan.

ARALIN 1 AKO AY MAMAMAYANG PILIPINO

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Sagot: Kung may isang ekis sa kahit isa lamang sa mga kahon, ikaw ay Pilipino.

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Sagot: **Ang sagot sa lahat ng katanungan ay PILIPINO!!!**

Gawain 3: Paglalapat

1. *Repatriation*
2. *Expatriation*
3. Hindi. Dahil di pinahihintulutan ang *expatriation* sa panahon ng digmaan.
4. Hindi. Ang pagtatrabaho sa sandatahang lakas ng ibang bansa ay awtomatikong nagpapawalang bisa ng pagkamamayang Pilipino.
5. Hindi. Ang panunumpa sa konstitusyon ng ibang bansa ay nangangahulugan din ng pagkawala ng pagkamamamayan.

ARALIN 2 ANG KARAPATANG PANTAO

Gawain 3: Paglalapat

MGA KARAPATANG PANTAO	Sibil	Pulitikal	Ekonomik- Sosyo- Kultural
Karapatang mabuhay ng may dignidad	X		
Karapatan sa edukasyon			X
Karapatan sa pagkain			X
Karapatan sa bahay			X
Karapatang isabuhay ang sariling kultura			X
Karapatang bumoto		X	
Karapatang maging malaya sa pagsasalita at pagpapahayag		X	
Karapatan sa pananampalataya			X
Karapatan na magsagawa ng mapayapang		X	

pagprotesta sa pamahalaan			
Karapatan sa seguridad	X		
Karapatan laban sa pang-aabuso	X		
Karapatan laban sa “torture” at di makataong parusa	X		
Karapatan sa kalusugan			X
Karapatan sa trabaho			X
Karapatan sa makatarungang sweldo			X
Karapatan sa makataong kondisyon sa paggawa			X
Karapatan sa pantay na pagpataw ng batas	X		
Karapatan sa pagkakapantay-pantay	X		
Karapatan sa pantay na katarungan	X		
Karapatang maging malaya	X		
Karapatan sa mabuting pamahalaan		X	
Karapatan sa malinis na kapaligiran			X
Karapatan sa impormasyon		X	
Karapatang magkaroon ng ari-arian	X		
Karapatan sa proteksyon laban sa pananamantala	X		
Karapatan sa pahinga at mga libangan			X
Karapatan sa paglakbay at mamimili ng lugar na titirahan	X		
Karapatan sa pagtatatag ng Unyon			X
Karapatan sa buhay na angkop para sa isang tao	X		
Karapatan sa tamang pagpapatupad ng batas	X		
Karapatan laban sa di makatarungang paghaluhog ng ari-arian	X		
Karapatan laban sa hindi legal na pagkakulong	X		

ARALIN 3 ANG AKING MGA KARAPATAN BILANG PILIPINO

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Maaari mong isulat ang mga tinalakay sa ilalim ng talahanayan.

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Halos lahat ng mga karapatan ay nalabag nuong panahon ng Batas Militar

Gawain 3: Paglalapat

Sabihin kung anu-ano ang karapatang pantao na nilabag sa mga sumusunod na sitwasyon:

- 9 1. Pagkuha ng pamahalaan sa pribadong ari-arian ng walang bayad.
- 4 2. Pagbabawal na magsagawa ng rally.
- 5 3. Pagbabawal ng pumili ng relihiyong kinaaniban.
- 19 4. Muling pagkakakulong sa iisang kaso.
- 18 5. Pagkakakulong dahil sa utang.
- 6 6. Hindi pinayagan lumabas ng bansa ng walang legal na batayan
- 14 7. Inabot ng 15 taon ang paglilitis ng kaso ng pagpatay
- 3 8. Pagbubukas ng sulat nang wala mong pahintulot
- 7 9. Hindi pagpapaalam sa mamamayan sa mga programa ng pamahalaan
- 12 10. Hindi pagpayag ng hukuman na makapagbayad ng pansamantalang kalayaan dahil sa kaso ng pananakit ng kapwa.

ARALIN 4 MGA BATA AT ANG KANILANG MGA KARAPATAN

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Mga mungkahing sagot:

A. Pagkakatulad ng bata at hindi bata (matanda)	B. Pagkakaiba ng Bata at Hindi Bata (matanda)
1. May mga karapatan sa pamilya at iba pang bagay.	1. Edad 0-17 ay bata; 18 pataas ay matanda.
2. May katauhan.	2. Ang mga bata ay hindi pa sapat ang kakayahang ipagtinggol ang sarili. Ang matatanda ay may kakayahan na.
3. May mga pangangailangang pangkalusugan, pangkaisipan, pangkabuhayan, at pangispiritwal.	3. Nangangailangan ng higit na pagkalinga ang mga bata kaysa sa matanda.
4. May mga naisin o adhikain sa buhay.	4. Mas maiming kaalaman ang matanda kaysa sa mga bata.
5. May mga paniniwala at iba't ibang kaalaman.	5. Ang matatanda ay inaasahang makapaghahanapbuhay habang ang mga bata ay nagsisipag-aral

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

1. karapatang makapaglaro at makapaglibang
2. karapatang makapag-aral
3. magkaroon ng sapat na pagkain at damit at tirahan
4. lumaki ng masaya at malusog
5. linangin ang kasanayan at kakayahan

ARALIN 5 MGA KABABAIHAN AT KANILANG KARAPATAN

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

1. Samahan para sa kababaihan
2. a. Lysette : pagkilala sa pantay na karapatan ng kababaihan sa pagpapalano ng pamilya at karapatang serbisyong pangkalusuguhan.

b. Ling : sa mga proteksyon sa kababaihan laban sa sekswal na pang-aalipin

c. Solly : dahas gaya panggagahasa, pambubugbog, incest pornograpiya, prostitusyon at iba pa.

d. Vangie : Pag-aalis ng dikriminasyong pangkasarian sa trabaho.

PANGHULING PAGSUSULIT

- 1-5 Balikan ang sipi ng karapatang pambata. Kahit na alin doon ay tama
20-24
7. Mamamayan
8. Dayuhan o *alien*
9. Boluntaryo
16. di boluntaryo
- 3 Boluntaryo
8. Di-boluntaryo
17. Hindi paggawa ng batas na magpaparusa sa isang bagay na nangyari na

22. Paraan upang maalis sa katungkulan ang Pangulo, Pangalawang Pangulo, mahistrado ng kataas taasang hukuman, at Komisyuner ng Komisyong Konstitusyunal.

6. Japanese

11. Filipino

12. Amerikano

4.

13. } Kahit alin sa mga mga karapatan ng manggagawa na nasa sipi ay tama.

23. }

10. 18 taong gulang pataas

14. mamayang Pilipino na

19. naninirahan sa Pilipinas nang hindi bababa sa isang taon.